

1

Nakatayo sa platform si Elliot ‘Rook’ Garcia sa tabi ng teammate na si Jeff matapos silang ipakilala sa drivers’ intro sa *Daytona International Speedway*. Numbers 5 at 6 silang dalawa nang araw na iyon. Ibig sabihin magsisimula sila sa fifth at sixth positions sa hilera ng mga kotseng magkakarera sa track.

Nakasuot na sila ng kani-kanilang fire suits, siya sa itim at asul na kulay ng kanyang sponsor na *Boost Energy Drink*, at si Jeff, sa asul at puting kulay ng sarili nitong sponsor, ang *US Navy*.

Nasa unang karera sila ng season, at masaya si Elliot sa lugar niya. Kahit paano, sa tatlong taon niya bilang race car driver sa Cup Series, hindi pa yata siya nagsisimula ng karera na wala sa top 15.

Masaya siya sa takbo ng career at masaya siya sa team na kinabibilangan, ang *Hanaway Motorsports*. Malaki ang kanyang kita sa trabahong hindi niya ipagpapalit sa kahit na ano. Kung medyo pressured siyang bawasan ang pagkamahiyain at magpakitang-gilas sa media, kasama na sa trabaho iyon. Basta mabait siya sa mga reporters at marunong ngumiti sa camera, okay na iyon.

Para sa grupong binansagan ng media na “hottest team in stock car racing,” dalawa na lamang sila ni Jeff na single. At sa kanilang dalawa, siya na lang daw ang inaasahan ng team para panatilihin ang kanilang heartthrob image. Binibiro na sila ni Jeff ng dalawa pang kasamahang sina Chase at Cade. Pareho nang may asawa ang mga ito at ang sabi ay nasisira raw ang reputasyon ng *Hanaway Motorsports*. Supladong monghe raw kasi si Jeff samantalang torpe naman si Elliot.

“Si Kuya Jeff na lang,” natatawang sabi ni Elliot nang tuksuhin sila ng mga kaibigan. “Magagalit sa ’kin ang lola ko kapag nalaman niyang chickboy ako.”

Bilang full-blooded Pinoy na ipinanganak at lumaki sa Pilipinas, iba ang kinalakhang values ni Elliot kaysa sa mga naging kaibigan sa Amerika. Sabihin nang mas konserbatibo siya kumpara sa mga kasama sa team. Mas mabuti na iyon kay Elliot dahil sa edad niyang twenty-five, sigurado siyang hindi pa rin magdadalawang-isip ang kanyang Lola Sylvia na paluin siya sa puwet kapag narinig nitong babaero siya.

Sa totoo lang, mas takot siyang isipin ng lola niyang babaero siya, kaysa isipin ng media na bakla siya.

Pero ang pagiging bakla na siguro ang pinakamalayo sa katotohanan. Dahil matapos matawag ang Number 3 at Number 4 drivers, agad na bumaling si Elliot sa stage. Papalabas na ang dalawang drivers na magsisimula sa Number 1 and Number 2 positions. Gusto niyang makita ang mga ito. Lalo na ang nasa number one.

Ang nasa pole position ay isang magaling na race car driver mula sa Nationwide Series, ang tinatawag na minor league ng stock car racing. Magmamaneho na ito sa Cup Series at ngayon ang rookie season nito. At sa unang karera nito, ito pa ang nanalo ng pole position.

Ito rin ang pinakamagandang babaeng nakita ni Elliot.

“And starting on the pole for the 56th *Daytona 500*, in the Number 12 *Malt Lite Chevrolet*, Roxanne Eastman!”

Pumalakpak si Elliot nang lumabas mula sa backstage si Roxanne. Hindi lamang mga mata niya ang nakatuon dito nang maglakad ito sa platform, may hawak na isang plastic bottle ng *Coke* at nakikipagkamay sa mga fans sa ibaba.

Kahit balot na balot mula leeg hanggang paa

ng royal blue fire suit na may black stripes sa gilid, sinusundan ng damit nito ang bawat magandang kurba ng katawan ng dalaga.

Itim ang buhok ni Roxanne at nangungusap na dark brown ang mga mata. Kayumanggi ang balat nito na namana nito sa Filipinang ina. Kung magmodelo na lamang ito at hindi na makipagkarera, hindi pa ito magugutom sa dami ng endorsement deals na dumarating dito. Pero alam ni Elliot na first love ng dalaga ang racing. At tulad niya, hindi ito magiging masaya kung hindi ito nakasakay sa kotse at lumilipad sa track tuwing weekend.

Kahit tatlong taon na siyang nasa Cup Series, 'Rookie' pa rin o 'Rook' ang tawag kay Elliot dahil siya pa rin ang pinakabatang miyembro ng *Hanaway Motorsports*. At noong unang taon niya sa racing, siya ang pinarangalang *Rookie of the Year*. Mukhang ngayong taon, kung mananatili ang focus ni Roxanne, baka ito rin ang bigyan ng titulong iyon.

Bumuntong-hininga si Elliot nang ngumiti si Roxanne sa driver sa tabi nito, ang teammate nitong si Zack Kelvin. Nababalita na nagde-date daw ang dalawa pero hindi naman kinumpirma iyon ng dalaga. Disappointed si Elliot kung totoo iyon. Hindi sa naninira siya pero tarantado si Kelvin. Gagawin nito

ang lahat sa track para manalo, kahit pa mambangga sa lugar kung saan kahit maliit na pagdikit ng dalawang rumaragasang kotse ay maaaring maging sanhi ng malaking aksidente.

Ganoon talaga yata ang buhay. Hindi ba't sabi nila na "good guys finish last?" Paano ba iyon, good guy si Elliot. Pero di bale na siguro kung mahuli man siya pagdating kay Roxanne. Basta sa race track, siya ang una.

Puno ng tao ang pit row. Nakahilera ang mga kotse sa pit road, napapaligiran ng crew, ng pamilya, mga kaibigan at mga supporters ng teams at drivers na naghihintay magsimula ang karera. Mula sa kanyang puwesto sa dulo ng pit road, nakasandal sa kanyang race car si Roxanne, nakikinig sa last minute instructions ng kanyang crew chief na si Ethan.

Kabado siya at excited. Ito kasi ang una niyang karera sa Cup Series. Mataas ang pangarap niya para sa sarili at para sa *Eastman Racing*. Gusto niyang gumawa ng magandang impression. Gusto niyang manalong *Rookie of the Year*, at gusto niyang manalo ng mga karera.

"Okay, good luck!" sabi ni Ethan bago mahigpit

na niyakap si Roxanne.

“Thanks. Watch out for me, all right?”

“You got it, kid.”

Iniabot nito sa kanya ang helmet at napasulyap siya sa kanyang kanan. Sa dami ng mga tao sa pagitan nila, natuon pa rin kay Elliot Garcia ang kanyang mga mata.

He was so cute. And hot. At kung gusto niyang gawin ang kailangan niyang gawin, ngayon na ang tamang oras. Nagsimula siyang maglakad patungo sa kotse ng lalaki.

May mga bumati sa kanya, may ilang nagpa-picture na pinaunlakan naman niya, at may ilang lalaking sinundan lamang siya ng tingin habang dumaraan siya.

Lumingon ang dalaga at biglang nagmadaling kumilos ang lahat ng mga kalalakiang nakatingin sa kanya. May mga nagkandarapang bumalik sa kotse ng kani-kanilang mga drivers, may mga biglang tumalikod para magkunwaring hindi siya pinagmamasdan, at may mga nagsimulang sumipol habang ipinapagpapatuloy ang kani-kanilang mga ginagawa.

Kumibot ang mga labi ni Roxanne pero muli siyang bumaling sa kanyang pakay: si Elliot ‘Rook’ Garcia.

Nakatayo ang binata sa tabi ng kulay asul at itim na Number 16 *Boost Energy Drink Chevrolet*, kausap ang isa sa mga miyembro ng pit crew nito. Hindi siya nito napansin habang seryosong nakikinig sa lalaking nagsasalita.

Nakatayo ito, nakahalukipkip. Halata sa suot nitong itim at asul na fire suit ang well-defined nitong biceps at malapad na mga balikat. He was tall and lean, with hard muscles and a handsome face, just the way Roxanne liked her men.

Isa pa, magaling itong driver. Ito ang *Rookie of the Year* noong unang taon nito sa Cup Series at ito na yata ang driver na umani ng pinakamaraming pagkapanalo nang rookie season nito. Higit pa roon, maginoo ito sa track at malinis magmaneho. Gustong malaman ni Roxanne kung paano ang lalaki sa labas ng track.

Una siyang napansin ng matangkad at maskuladong jackman na kausap ni Elliot. Huminto ito sa gitna ng pagsasalita bago nito siniko ang katabi at inginuso siya. Nilingon siya ng kapwa racer. Ngumiti si Roxanne dito, isang maliit at flirtatious na ngiti.

Ngumiti rin ang binata pero mas may pagtatanong sa ngiti ni Elliot kaysa interes.

“I’ll talk to you later, Rook, you lucky dog,” nakangising sabi ng jackman bago ito mabilis na naglaho.

Lumapit si Roxanne kay Elliot. “Hi.”

“Hey,” sabi nito na nakahalukipkip pa rin.

“I’m Roxanne,” sabi niya na inilalahad ang palad.

Inabot ng lalaki ang kanyang kamay. Matigas ang kamay nito, mainit ang balat at mahaba ang mga daliri. Agad na lumipad ang imahinasyon ni Roxanne—sa isang pagkakataong maaaring maglandas ang mga daliring iyon sa kanyang balat.

“Elliot,” anito na may maliit na ngiti sa mga labi. “And I know you. Congratulations on taking the pole. Awesome job there.”

“Thank you,” tipid na sabi ni Roxanne. Alam niyang magaling siya. Wala siyang false modesty pagdating sa abilidad niyang magmaneho. Iyon lang, hindi komportable ang dalagang pinag-uusapan iyon. “I’m actually a fan of yours. And since I’m here I thought, ba’t hindi na ako lumapit at magpakilala? And I wanted to say good luck.”

Lumawak ang ngiti ng lalaki at nakadama si Roxanne ng pagkuyom sa kanyang sikmura. He really was handsome.

“Thanks,” tipid din nitong saad. “Good luck din.”

“Anyway, matagal ko na kasi itong gustong gawin,” patuloy ni Roxanne. “I hope hindi mo mamasamain. I’d like to ask you out to dinner.”

Tumaas ang mga kilay ni Elliot. Hindi nag-blush si Roxanne, hindi nag-iwas ng tingin. Pero saloob-loob niya nagdasal siya na sana hindi mali ang pinili niyang taktika. Alam niyang konserbatibo si Elliot kaya sana hindi ito ma-turn off.

Halatang nagulat ito pero kilala ni Roxanne ang mga lalaki, at lalaki si Elliot. They would never say no to a woman asking them out, especially if the woman looked like her. Gayunpaman, nakahinga lang siya nang muling ngumiti ang binata.

He looked adorably shy when he said, “I’d love to.”

“Great,” sabi niya na pinipigilan ang masayang tawang gustong kumawala mula sa kanyang dibdib. “Mamaya? After the race? I’m staying at my coach. May gusto ka bang puntahan?”

“Ikaw nang bahala. Ikaw ang nag-aya, di ba? Sorpresahin mo na lang ako.”

Tumawa si Roxanne. “Okay. Saan ka ba nag-i-stay? Sa coach? Susunduin kita ng six.”

Doon umiling si Elliot. “Ako na’ng susundo sa ’yo. Casual ba o kailangan kong magkurbata?”

“Casual muna,” ani Roxanne. “If it works out, then I’ll give you the opportunity to see me in a slinky dress.” Kumindat siya rito at tumalikod. “See you later, Rook.”

Muli siyang naglakad pabalik sa kanyang kotse, puno ng confidence at female power. Pero nang marating niya ang kanyang race car, mabilis siyang sumakay at ipinatong ang nanginginig na mga kamay sa manibela.

Kinakabahan siya, excited at nahihiya sa sarili. Hindi siya marunong manlandi at hindi niya alam kung tama ba o mali ang flirtation style niya. Oh, well. Malalaman naman niya iyon kung gumana kay Elliot.

Huminga siya nang malalim at nag-focus. May karera siyang gustong ipanalò.

2

Nasa labas na si Elliot ng coach ni Roxanne, hindi pa rin siya siguradong hindi niya napanaginipan ang pag-aaya sa kanya ng dalaga. Daig pa ng tama ng ngiti ni Roxanne Eastman ang tama ng third place finish niya sa karera kanina.

Kilala niya ang babae pero hindi sa personal. Napapanood niya ang mga karera nito at hindi siya nag-e-exaggerate nang sabihin niyang sa tingin niya ay magaling ito. She was a talented driver.

She was also unbelievably beautiful. Buti at hindi nagbuhol ang dila niya nang lapitan siya nito kanina para ayaing lumabas. Siya, si Elliot Garcia. Dahil kahit pa sabihin ng binata sa sariling good boy siya, hindi niya napigilan ang mga kaisipang nag-unahan sa utak niya nang makita si Roxanne. Hindi naman siya patay o kaya ay monghe. Lalaki siya. Gustong sundan ng mga kamay niya ang masaganang mga kurba ng katawan nito.

Huminga nang malalim si Elliot at pinakawalan iyon. Kumatok siya sa pinto ng coach at tiningala si Roxanne nang pagbuksan siya ng babae.

“Hi!” bati nito. Tulad ni Elliot, nakasuot si Roxanne ng jeans at boots, at binagayan iyon ng isang kulay puting long-sleeved na blusa sa ilalim ng isang manipis na itim na jacket. “May bad news ako.”

“Anong bad news?” tanong niya, pilit na itinutulak palayo ang disappointment na baka magkansela ito ng date. Excited na excited pa man din ang binata.

“Nag-*Google* kasi ako ng mga restaurants, kung anong oras sila nagsasara.” Bumuga ito ng hangin. “Apparently, sarado ang halos lahat ng restaurants ng Sunday dito sa *Daytona Beach*. So, well...” Sinulyapan nito ang loob ng motorhome bago siya muling binalingan. “Okay lang ba sa ’yo kung dito na lang tayo kumain sa coach ko ng dinner? ’Yun ay kung hindi ka naman gutom na gutom o kaya kung gusto mong mag-*McDo* or pizza na lang.”

Napangiti siya, nakahinga nang maluwag. “Okay lang sa ’kin kahit dito lang tayo.”

Lumawak ang ngiti ni Roxanne at tumabi ito para makaakyat siya sa coach. “I promise hindi ’to some sort of seduction or something. I just suck at dating, I guess.”

“No, I think this is fine.” Pinagmasdan ni Elliot ang home away from home ni Roxanne. Magkamukha

ang motorhomes nilang dalawa sa labas: malaki at mahabang buses na minamaneho ng kanilang mga drivers mula sa isang race track patungo sa kabila. Pero sa loob, medyo magkaiba ang kanilang mga bahay.

Feminine ang motorhome ni Roxanne. Lavender at blue ang motif niyon, mula sa dark blue na sofa na may lavender na throw pillows at mga paintings ng kulay lavender na mga bulaklak sa dingding.

Amoy babae rin ang coach nito. Amoy pabango at lotions at creams na ginagamit ng mga babae. Sigurado si Elliot na never nag-amoy lotion ang coach niya. Sigurado rin siyang kung ilalapit niya ang mukha sa leeg ni Roxanne, ganitong-ganito sa nalalanghap niya ang samyo ng balat ng dalaga.

“Kumakain ka ba ng Japanese food?” tanong ni Roxanne habang patungo ito sa kitchen area ng coach.

“I love Japanese food,” aniya na tumayo sa likod ng kitchen island.

“Ako rin!” sabi ni Roxanne habang naglalabas ng mga ingredients mula sa isang cabinet. “Kaya lang naisip kong baka ayaw mo ng Japanese food o may weird food allergies ka kaya nag-alala ako.”

“Wala naman akong allergies. Matakaw nga ako, sa totoo lang. Wala akong hindi kinakain.”

Sinulyapan siya nito na may mapanuksong ngiti sa mga labi. “Sigurado ka, ha. Baka sinasabi mo lang ’yan pero allergic ka pala talaga sa crabs.”

“Kung atakehin ako ng allergy mamaya, at least sigurado ’kong mabilis mag-drive ang date ko. Aabot ako sa ospital.”

Tumawa si Roxanne.

“Need help?” tanong ni Elliot nang dalhin ng dalaga ang mga gamit sa counter.

“No, I’m okay. Ikaw na nga ang gugutumin ko, ikaw pa ang paghihiwain ko ng mga kakainin mo?”

“Magaling akong maghiwa! Champion slicer ako sa bahay.” Nagtungo siya sa knife block ng dalaga. “Sige na. Let me help.”

Nilingon siya nito bago tumango. “Okay. Slice mo ’tong mga pipino.”

Mayamaya pa, magkatabi na silang nakaupo sa counter at naghiiwa ng ingredients para sa homemade Japanese rolls ni Roxanne.

“Pasensya ka na, ha,” sabi ng dalaga. “I was

planning on taking you out to a restaurant. Siguro may dahilan talaga kung bakit mga lalaki ang nag-aaya sa mga babae na mag-date. Alam ninyo ang ginagawa ninyo.”

Tumawa si Elliot. “Minsan hindi rin. Isa pa, this is fun. Mas okay ’to kesa sa movie o restaurant.”

“Talaga?”

“Yeah,” aniya, nakangiti. “Mas makakapag-usap tayo nang ganito.”

“Well,” kagat-labing saad ni Roxanne, mukhang nag-aalala pa rin. “Marami akong DVDs dito, kung gusto mo ng movie after dinner.”

Madalas, kapag boring ang isang date, mas gusto na lang ni Elliot na ihatid na lang ang date niya kaysa pahabain pa ang gabi. Sigurado niyang hindi mangyayari iyon ngayon dahil simula pa lang, enjoy na enjoy na siya.

“I’d love that,” sagot niya.

“Okay. Marunong ka bang gumawa ng Japanese rolls?” tanong ni Roxanne. Umiling si Elliot. “Sige, tuturuan kita.” Tumayo ito at nagtungo sa lababo kung saan ito naghugas ng kamay. “Ano’ng gusto mo? Salmon, crab o veggie roll?”

Sumunod siya rito at naghugas din ng kamay. “Crab.”

Bumalik si Roxanne sa counter at naglagay ng crab meat, mayonnaise, lemon juice at asukal sa isang bowl bago inilatag ang sushi mat sa harapan ni Elliot. Pinatungan nito iyon ng plastic wrap at naglagay ng kanin sa ibabaw ng wrap.

“Ipatag mo lang siya,” sabi nito at itinulak ang kanin hanggang sa pumatag na iyon sa sushi mat. Nilagyan ni Roxanne ng nori ang ibabaw ng kanin bago iyon pinatungan ng crab meat mixture, avocado at mango slices.

“Now, we roll it,” sabi nito na ipinakita sa kanya kung paano irolyo ang sushi mat. “Try mo.”

Hindi siya ganoon ka-confident. Kung pritong itlog siguro ang ginagawa niya, baka magyabang pa ang binata.

“Whoops,” natatawang sabi ni Roxanne nang mali ang pagkakarolyo niya sa mat. “Madudurog. Ganito siya, tingnan mo.”

Inabot nito ang kanyang mga kamay at ginabayan siya. Nakatungo si Roxanne sa kanilang ginagawa pero sa dalaga siya nakatingin. Tama siya. Mas mabango sa balat nito ang samyo na una niyang

nalanghap pagpasok niya ng coach. Gusto niyang ilapit ang mukha sa leeg nito at singhutin ang balat ni Roxanne.

Lumunok si Elliot at binalingan ang pagkain. Mainit at napakalambot din ng mga palad ni Roxanne at sigurado ang galaw ng mga iyon habang nasa ibabaw ng kanyang mga kamay para turuan siyang gumawa ng sushi. Muli siyang nakaisip ng mga bagay na siguradong magdadala sa kanya sa purgatoryo. He felt his body go hard.

Japanese rolls ang hawak niya, Dude. Hindi ikaw.

“See?” sabi ng dalaga nang matapos nilang irolyo ang mat at nabuo ang isang mahabang sushi roll. Kumuha si Roxanne ng kutsilyo, binasa iyon mula sa isang mangkok na tubig at sinimulang hiwain sa mas maliliit na piraso ang roll.

“Crab, avocado and mango roll *ala* Elliot Garcia,” nakangiti nitong saad nang iprisinta sa kanya ang pagkain. Kumuha siya ng chopsticks mula sa lalagyang inihanda ni Roxanne kanina, kumuha ng roll, isinawsaw iyon sa soy sauce bago tinikman.

“Sarap?” tanong ni Roxanne.

Nakapikit na tumango si Elliot habang ninanamnam ang kinakain. Bumungisngis ang babae.

Nang muli siyang magmulat, pinapanood pa rin siya nito.

“This is great.”

“Better kaysa kung lumabas tayo?”

“Oo,” sagot niya. Actually, kahit fish balls at isaw lang ang kinakain niya, “better” pa rin iyon dahil si Roxanne ang kasama niya.

Muli siyang kumuha ng isa pang roll, isinawsaw iyon sa soy sauce at iniangat ang pagkain sa bibig ni Roxanne. Nagtama ang kanilang mga mata nang ilang saglit. Then her mouth opened and she took the food he offered.

Namumula ang mga pisngi nito habang ngumunguya. Lumunok ito bago tumawa.

“Hindi siya sexy kainin,” anang dalaga. “Paano, kapag sinubo mo siya, puno kaagad ang bibig mo. Hindi tulad ng iba, puwede ka pang magpa-cute habang ngumunguya.”

Tumawa si Elliot at pinunasan ng hinlalaki ang gilid ng labi ni Roxanne. Muli silang natigilan at nanatili sa labi nito ang hinlalaki niya, humahaplos lamang. Unconsciously, her tongue flicked at her lip, touching the tip of his finger. His eyes flared with

need and his body started to burn once more.

“No,” mahina niyang saad. “I think it’s the sexiest thing anyone can ever eat.”

She blushed at napahiya si Elliot, lalo na nang tumungo si Roxanne at iniba ang usapan. “So, gusto mong i-try ang salmon?”

“Why did you ask me out?” tanong niya.

Hindi ito nag-angat ng paningin. Sa halip, nagsalin itong muli ng kanin sa ibabaw ng plastic wrap sa sushi mat at nagsimulang gumawa ng isa pang roll.

“Sabi ko nga, I’ve been a fan since you started three years ago. Naisip ko na kung gusto kitang makilala, ako ang kailangang gumawa ng first move.” Muli siyang tiningala ng dalaga na may mapanuksong ngiti sa mga labi. “Sorry pero kung hihintayin kita baka nag-retire na ako sa stock car racing, hindi pa rin tayo personal na magkakilala.”

Mahiyaing ngumiti si Elliot. “Hindi naman ako gan’un kabagal.”

“Well, at least, ngayon, napansin mo na ako.”

Nagseryoso siya at pinagmasdan si Roxanne. Mahaba ang buhok nito at tinatabingan ng bangs na

nakahawi sa isang banda ng noo. Noong una pa lang niya itong nakita sa isang magazine cover, attracted na siya rito pero hindi iyon pinagtuunan ng pansin ni Elliot. Hindi pumasok sa isip niya na magiging interesado ang babae na makilala siya.

“Lagi kitang napapansin,” tahimik niyang saad. “Hindi ko lang sigurado kung gusto mong pansinin kita.”

Nahihiyang tumawa si Roxanne bago sinimulang irolyo ang sushi mat. “May reputasyon ka kasi. Hindi ko sigurado kung tama ba o mali na ako ang magpakilala sa ’yo.”

“Anong reputasyon?”

Sinulyapan siya nito. “Na good boy ka.”

Kumibot ang kanyang mga labi. “Bakit? Bad girl ka ba?”

Mas natural na ang ngiti ni Roxanne, may halong kapilyahan. “I could be.”

Nakadama si Elliot ng init sa kanyang sikmura na para bang ipinasok din siya sa loob ng pugon. Mayamaya lang manghihingi na siya ng iced water para ibuhos sa pantalon niya.

Yeah, she could be.

Magkahalo kasi sa mga mata nito ang kainosentehan at kapilyahan. Hindi makakasiguro ang isang lalaki kung sino ang susunod nitong makakausap, kung iyong anghel o iyong seductress.

Too fast, too fast, sabi niya sa sarili. Sa sasakyan lang niya gusto ng bilis, hindi sa mga babae, at lalong hindi sa relasyon. At gusto niyang tingnan kung puwede silang magkaroon ng relasyon ni Roxanne. Iyong relasyon na hindi lang nakasentro sa kama.

“Hindi naman ako good boy. Torpe lang,” natatawa niyang amin.

“Good thing, ako hindi torpe,” biro ni Roxanne.

Ngumisi na si Elliot. “So, may chance ba akong makita kang naka-slinky dress?”

Tumawa ang dalaga. “Maaga pa naman. Tingnan natin.”

Nagpakabusog silang dalawa sa iba’t ibang klase ng sushi rolls. At kahit nagsimula ang gabi na halos sabunutan ni Roxanne ang sarili dahil wala pala siyang pagdadalhan sa binatang gusto niyang i-impress, so far, so good naman ang takbo ng date nila.

Natuloy sa isang movie marathon ang dinner nila kung saan nasa pagitan nila sa sofa ang bag ng potato chips at nasa coffee table ang *Coke*. Dahil ito ang bisita, si Elliot ang pinapili niya ng gusto nitong panooring pelikula. Wala siyang DVD ng mga pelikulang heavy drama at gusto naman ng dalagang panoorin ang lahat ng nasa koleksyon niya kaya okay lang kahit ano ang piliin nito. Pumayag siya nang *Batman Begins* ang piliin nitong pelikula. Paano niya tatanggihan si Christian Bale?

Gayunpaman, naging background noise lang ang pelikula dahil habang nakaupo sa sofa, nag-usap lamang sila at hindi nanood. Hindi nila napuna na hindi na lang stock car racing ang pinag-uusapan nila kundi ang kani-kanila nang mga pamilya, kabataan at mga plano sa buhay pagkatapos ng kanilang mga karera sa racing.

“Wala naman akong ibang ginusto kundi maging race car driver,” sabi ni Roxanne habang sa TV, inililigtas na ni *Batman* si Rachel Dawes mula kay *Scarecrow*. Siya na ang may hawak ng bag ng potato chips at magkadikit na ang kanilang mga balikat habang nakaharap sa TV. “Imbis na *Barbie*, kotse ang gusto ko n’ung bata ako. Dumating nga sa punto na akala ng daddy ko, tomboy ako.”

“I doubt na tomboy ka,” sabi lang nito.

Sinulyapan niya ang lalaki. “Ngayon siguro mukhang hindi na. Pero dati, akala ko rin tomboy ako, eh.”

Doon, hindi na talaga napigilan ni Elliot ang pagtawa. Ngumiti si Roxanne. It was such a carefree sound. Gusto lang niyang laging marinig iyon.

“In the end, nakumbinsi ko si Dad na babae talaga ako kaya hinayaan na niya ako. Hindi naman ako spoiled pero he let me do everything I wanted, including drive.”

“He should. You’re a good driver.”

Simple lang ang pagkakasabi ni Elliot sa mga kataga. Siguro dahil doon kaya mas nagtunog totoo at sinsero iyon para kay Roxanne at hindi pambobola. Iyon na yata ang pinakanakakakilig na compliment na narinig niya.

“So, kumusta naman ang takbo ng team ninyo?” tanong ng binata.

Tumawa si Roxanne. “Nakalimutan mo na yatang nasa magkalabang team tayo. Parte ng strategy ng *Eastman Racing* ’yan, at miyembro ka pa rin ng *Hanaway Motorsports*.”

Parang napahiya ito. “Oo nga pala. I’m sorry. Hindi naman ako nang-eespiya.”

Binunggo niya ito ng isang balikat. “Niloloko lang kita.”

“But still, I didn’t mean it.”

Tiningala ni Roxanne ang lalaki, may mapanuksong ngiti sa mga labi. “Totoo ang sinasabi nila sa news, ano? Na ganito ka talaga kabait?”

Nagkibit-balikat ito at ngumiti. “Hindi ko alam. Iba ang pagkakakilala ko sa sarili ko.”

Pinagmamasdan nila ang isa’t isa. Sumikdo ang dibdib ni Roxanne at nagkuyom ang kanyang mga kamay sa hawak na bag ng *Ruffles*. Gusto niyang ikuyom ang mga iyon sa buhok ng binata habang mapusok itong hinahalikan.

Parang nabasa ni Elliot ang laman ng isip niya. At sa pagkakataong ito, hindi siya ang nag-first move. Naramdaman niya sa kanyang mga labi ang init ng hininga ng binata, and then, it was his lips she was feeling.

Maingat ang halik, nanghihingi ng permiso, nanunukat, bago lumalim nang bumuntong-hininga si Roxanne. He tasted delicious and smelled so good.

Gusto niya itong yakapin pero nanatiling nakahawak sa bag ng potato chips ang mga kamay niya at nanatiling nasa baso ng *Coke* ang kamay ng binata.

Pinuno ni Roxanne ang sarili ng lasa at samyo ni Elliot. Alam niyang gusto niya ang lalaki pero hindi niya inaasahan ang ganito, ang biglang init, ang biglang liwanag sa likod ng mga talukap niya na parang fireworks na sumasabog sa likod ng ulo ng binata, ang pagragasa ng dugo at ang paghinto ng oras.

His tongue gently traced her lower lip before sliding into her mouth for a quick taste before pulling back, leaving her hot and hungry.

At nang mag-angat ng ulo si Elliot, mabagal siyang nagmulat ng mga mata bago parang lasing na napasandal dito. Mahina itong tumawa at sa wakas ay ibinaba ang hawak na baso, hinila paalis sa kanyang mga kamay ang hawak niyang potato chips, at iniyakap ang mga braso sa kanya. Inilapat niya ang mga palad sa dibdib ng lalaki para madama ang dagundong ng puso nito.

She wanted to ask him to take her to bed, and that frightened her.

“Alas nueve ng umaga ang flight ko pauwing

North Carolina bukas,” mahina nitong saad.

“Ako rin,” sabi ni Roxanne kahit pa hindi iyon ang gusto niyang pag-usapan.

“Do you think we can sit together on the plane?”

Tumango siya.

“And then, pagdating natin doon, I’d like to ask you out. Puwede tayong mag-lunch, spend the day together, then dinner. Okay lang ba ’yun sa ’yo?”

Natawa siya at idinikit ang noo sa balikat ni Elliot. Here she was, ready to take him to bed pagkatapos lunch at dinner date pa lang ang iniaalok nito sa kanya.

Na mainam naman, dahil hindi kasama sa mga plano niya ang isang pisikal na relasyon kasama ni Elliot. Hindi rin niya inasahan na magiging ganito katindi ang reaksiyon niya sa binata.

Matagal na siyang attracted dito, oo, pero iyong pagsiklab ng apoy sa katawan niya, ngayon lang iyon. Hindi iyon kasama sa akala niya ay crush niya rito. Sa katunayan, kanina pa siya lumampas sa crush. Mainit at karnal na pagnanasa na ang nadarama ng dalaga imbis na harmless crush.

Damn it. Hindi ito ang plano. Pero bakit niya

kailangang pigilan ang sarili? Entitled naman siguro siyang i-enjoy ang kung anong mayroon sila ni Elliot.

Muli siyang tumingala sa lalaki. “I’d love to,” aniya. “And I’d also love it kung hahalikan mo ako ulit.”

Ngumiti ito at tumungo para angkinin ang kanyang mga labi. Nope, hindi lang imahinasyon ang fireworks. Nadarama talaga niya iyon. Naglalaro siya ng apoy at wala siyang pakialam kung mapaso o masunog siya.

Sigurado ni Roxanne, it was going to be worth it.

3

Pabababa pa lang nina Elliot at Roxanne ng eroplano, agad nang tumunog ang telepono ng dalaga. Pangalan ng kanyang ama ang nasa screen. Sinulyapan niya si Elliot na nasa baggage claim, hinihintay ang kanilang mga bagahe. Itinuro niya ang telepono bago lumayo rito para hindi nito marinig ang usapan nila ng ama. Sinagot niya ang tawag.

“Lenny showed me a couple of pictures in a gossip blog,” anito na walang preambulo.

“What pictures?” tanong niya.

“Yung mga larawan ninyo ni Garcia sa pit road.”

May mga larawan sila ni Elliot?

“And?” tanong niya.

“Good work, Honey.”

Kumibot ang konsyensya ni Roxanne. Muli niyang sinulyapan ang binata. “Look, Dad, I just got off the plane, and I’m with Elliot. Can we talk later? Tonight? Tatawagan kita.”

“Umuwi ka na lang sa bahay. We’ll have dinner.”

“Hindi puwede, Dad. I have a date.”

Makahulugang tumawa ang matanda. Napangiwi si Roxanne. Baka akala nito ikakama niya si Elliot.

“Sige, bukas na lang, sa breakfast?”

“All right.”

“I’ll see you tomorrow,” sabi ni Charles. “I love you.”

“I love you, too, Dad.”

Ibinalik niya sa bulsa ang telepono bago lumapit kay Elliot. Hawak na nito ang kanilang mga bag.

“Daddy ko,” sabi niya rito. “Gustong makipagkita mamaya.”

Nabahiran ng pag-aalinlangan ang mga mata ni Elliot. “Kung gusto mong mag-dinner sa kanila—”

“No.” Mabilis siyang umiling. “I told him may date ako.”

Nagsimula silang maglakad palabas ng terminal. “Hindi ba siya magagalit kapag nalaman niyang ako ang date mo? Sabi mo nga, taga-*Hanaway* pa rin ako. *Fraternizing with the enemy* ’to.”

Tumawa si Roxanne. Sa kanyang pandinig,

parang may kahalong histerya ang tawa niya. “Hindi. May tiwala naman si Dad sa ’kin.”

“All right. May dala ka bang kotse? Nasa parking garage ang kotse ko.”

“Wala. Magta-taxi lang sana ako pauwi.”

“Di ihahatid na kita,” offer ni Elliot. “Then we can have lunch.”

Parang matagal na silang magkakilala ni Elliot, iyon ang napuna ni Roxanne. Walang awkward moment sa pagitan nila. Tawa lang sila nang tawa at lubos na kinilala ang isa’t isa. Nagulat pa siya na dinner na ulit, hindi pa rin siya nagsasawa rito o napapagod.

Gabi na nang ihatid siya nitong muli sa bahay, at nakatayo ito sa tabi ng pintuan, nakapamulsa. Gustung-gusto niya itong ayaing pumasok, at alam niya, hindi ito tatanggi. Pero natatakot na si Roxanne dahil alam niyang hindi niya dapat hinayaang mangyari ito. Hindi niya dapat hinayaan ang sariling makilala si Elliot nang lubusan.

“Ano’ng plano mo bukas?” tanong ng lalaki.

Kadalasan, Lunes at Martes ang mga libreng araw

ng mga race car drivers kung wala silang nakalinyang press appearance. Miyerkules, simula na sila ulit ng paghahanda para sa weekend kung kailan nagaganap ang practice race, qualifying race at ang mismong mga karera.

Gusto niyang sabihin kay Elliot na marami siyang gagawin, na nagkamali siya at ayaw na pala niya itong makitang muli, pero iba ang narinig niya mula sa sarili.

“Breakfast ako sa bahay ng parents ko, then magkikita kami ng assistant ko for lunch. Pero libre ako sa hapon at sa gabi kung may gusto kang gawin.”

Ngumiti si Elliot, isang mabagal, mahiyain, adorable smile na alam na ni Roxanne na hindi niya kailanman matitiis. “Gusto mong manood ng sine?” tanong nito.

“Sige. Anong oras?”

“Susunduin kita nang five.”

“Okay.”

Tumungo ito at tumiyad siya, at naglapat ang kanilang mga labi. Bumalot sa kanyang mga balikat ang mga braso ni Elliot at marahan siya nitong hinila palapit.

Binura ng halik nito ang lahat ng laman ng utak ni Roxanne, pati na ang agam-agam sa puso niya. Gusto lang niyang punuin ang sarili ng init nito. Naghiwalay sila at hinalikan siya nito sa noo.

“I’ll see you tomorrow.”

Pinanood niyang sumakay si Elliot sa kotse nito at kumaway ang dalaga nang magsimula itong magmaneho palayo. Pumasok siya sa building na kinaroroonan ng kanyang condo unit at tulalang umakyat sa kanyang floor.

Parang may nagsusuntukan sa dibdib niya. Sa red corner, si Roxanne na attracted kay Elliot, na alam na mabuti itong tao at hindi karapat-dapat na saktan gaya ng mangyayari kapag nalaman nito kung bakit siya nakikipaglapit dito.

Sa blue corner, si Roxanne na puno ng galit at pagnanasang maghiganti, si Roxanne na nangako sa ama na gagawin niya ang lahat, masabotahe lang ang *Hanaway Motorsports*, kahit pa saktan ang isang mabuting lalaki.

Tumunog ang elevator at bumukas ang mga pinto niyon. Yakap ang sarili, lumabas si Roxanne at naglakad patungo sa kanyang unit. Pumasok siya, isinara ang pinto sa kanyang likuran bago padausdos

na naupo sa sahig. Sa kadiliman, hindi na niya alam kung ano ba talaga ang gusto niya. Ang sigurado lang niya, pagkatapos ng lahat, she would have destroyed a good man who didn't deserve it.

“Mukhang maganda ang takbo ng buhay, ah,” sabi ng teammate ni Elliot na si Caden ‘Adrenaline Rush’ Messner nang maabutan siya nito sa garahe ng *Hanaway Motorsports* nang Miyerkules ng gabi. Naroon siya para i-check ang kotse niya bago iyon isakay sa trailer at ibiyahe patungong Arizona kung saan gaganapin ang susunod na karera.

Hindi napigilan ni Elliot ang masayang ngiti.

“Kumusta naman si Miss Cup Series?”

“Okay lang,” sagot niya sa kaibigan.

“Kung ibabase sa ngiti mong ’yan, mas okay pa siya sa okay lang,” tukso ni Cade.

Tumawa siya. “Hindi naman ganoon ka-okay, pero okay na rin.”

“Seryoso ba?” usisa pa nito. “O nag-e-enjoy lang kayo?”

Pabiro niya itong inirapan. “Chismoso ka rin,

ano?”

Nagkunwaring nainsulto si Cade. Nanlaki ang mga mata nito at itinuro ang sarili. “Ako? Tinatanong ko lang kasi tinatanong ng misis ko. Concerned lang ako sa kanya.”

Tumirik ang mga mata ni Elliot. “Nagtatanong ang misis mo? ’Yung misis mo na personal assistant mo na kasama sa job description ang manatili online 24/7 para maghanap ng mga balita o eskandalo tungkol sa ’yo at sa team? I’m sure mas may alam pa si Charmaine tungkol sa nangyayari sa pagitan namin ni Roxanne kaysa sa ’min.”

Patay-malisyang nagkibit-balikat si Cade. “Malay ko. Hindi naman ako interesado sa mga ganyang balita.”

Malakas na tumawa si Elliot. “Sira.”

Nakita nilang pumasok si Tristan—o mas kilala sa tawag na Chase—sa pintuan ng garahe, kasama ang isa pa nilang teammate na si Jeff.

“May drivers’ meeting ba na naka-schedule ngayon na hindi ko alam?” tanong ni Chase nang makalapit sa kanila.

“Ewan ko. Ano’ng ginagawa n’yo rito?” balik ni

Cade.

“Titingnan ’yung mga kotse,” sagot nito. “Well, ipapatingin kay Jeff ang mga kotse.”

“Sabi sa ’yo, Dude, magmekaniko ka na lang,” muling hirit ni Cade. “Mas gusto mo pa kasing nakasilip sa makina kaysa mag-drive. Sayang ang isang spot sa team. Ibigay mo na lang sa gusto talagang mag-drive.”

Nagkibit-balikat si Jeff. “Kung wala ako, paano na lang ang team? Ako na nga lang ang hindi pa taken, paaalisin mo pa ako.”

“See?” bulalas ni Cade at sinenyasan si Jeff habang nakatingin kay Elliot. “Hindi lang ako ang chismoso.”

“Ba’t naman ako naging chismoso?” tanong ni Jeff.

“Ayaw mo pa kunwari derechuhin si Rookie kung kumusta na sila ni Miss Cup Series.” Bumaling si Cade sa kanya. “Sagutin mo na kasi ang katanungan kung ano ba talaga kayo.”

Tumatawa niyang itinulak ang lalaki bago nagsimulang maglakad palayo. “May pangalan siya, ’no! Saka tingnan mo na nga lang ’yang makina mo

nang may maipanalo kang karera.”

“Hayaan mo siya,” habol ni Tristan. “Para ako lagi ang number one sa team na ’to.”

“You wish!” hiyaw ni Cade at nagtawanan sila.

Parang mga bisor silang nagsu-supervise ng pag-akyat ng kani-kanilang mga kotse sa mga trailers nang mapansin ni Elliot na papalapit sa kanila si Simon Hanaway, ang team owner at tiyuhin ni Tristan.

“Hey!” bati ng lalaki sa tiyuhin.

“Hey,” nakangiti nitong saad. Smiling face ang matanda kaya sumabog man ang lahat ng makina ng mga kotse nila at wala ni isa sa kanila ang manalo ng karera, hindi nila makikitang nakasimangot ito. Matangkad din ang lalaki, guwapo, fit at makisig. “Looking good.”

“Us or the cars?” tanong ni Cade at tumawa ang lalaki.

“Both. Including me, of course. Hey, you boys have dinner yet? I’ve been craving for Thai food for the last few days. Wanna go?”

Dahil wala sa kanila ang tatanggi sa grasya, nakita nila ang mga sariling nakasakay sa SUV ni Uncle Simon. Ipinagmaneho sila nito patungo sa

Basil Thai sa Church Street. Hindi nagtagal matapos makarating sa restaurant, napuno ng pagkain ang kanilang mesa.

Bumuntong-hininga si Uncle Simon matapos matikman ang fried wonton na sinawsaw nito sa sweet and sour sauce.

“So,” simula nito, kumuha ng Thai chicken wing para iyon naman ang tikman. “Kumusta na kayo?”

“Okay lang po,” sabay-sabay nilang sagot.

Inisa-isa pa rin sila ng matanda. Simula kay Tristan at sa asawa nitong si Sidney na kasalukuyang anim na buwang buntis. Kinumusta nito si Charmaine na asawa ni Cade, pagkatapos ay si Jeff. Alam na ni Elliot na tatanungin din siya nito tungkol kay Roxanne.

“And you?” tanong ni Uncle Simon na pad thai na ang nilalantakan. “Don’t think I don’t know about you and the Eastman girl.”

“We’re just getting to know each other,” aniya. Napuna niyang nakatingin sa kanya ang lahat at namula siya. Gayunpaman, tiningnan niya nang derecho sa mga mata si Uncle Simon. “That’s not going to be a problem, is it?”

“Oh, no,” mabilis nitong saad na may kasama pang iling. “Curious lang ako. Maganda siyang babae at magaling na driver. Hindi nakakagulat na magustuhan mo siya. After all, lalaki ka. Single ka naman. Naiisip ko lang kung maging kayo, kailangan ninyong mag-compete sa track tuwing weekend.”

Saglit niyang pinag-isipan iyon. Magiging problema ba sa kanya na makipagkarera kay Roxanne kung maging girlfriend nga niya ito? Hindi naman imposible iyon. Sa katunayan, pakiramdam niya ay doon na sila papunta.

“Hindi ko nakikitang magiging problema ’yun. Pero ikaw, Uncle Si, okay lang ba sa ’yo kung sakaling driver ng *Eastman Racing* ang maging girlfriend ko?”

Lumunok ng pagkain si Uncle Simon at tinapik siya sa balikat. “Hindi ako nakikialam sa mga personal ninyong buhay. May tiwala ako sa inyo. Lalo na sa ’yo. Sundin mo lang ang gusto mo. Alam kong alam mo kung paano i-handle ang bagay na ’yan.”

Napangiti si Elliot. Na-appreciate niya iyon. Na-appreciate ng binata na ganito kabait ang boss niya, at kinabahan siya na ganito kalaki ang tiwala nito sa kanya. Natatakot siyang baka hindi niya ma-meet ang mga expectations nito.

Binalikan niya ang pagkain.

Bakit ba niya pinoproblema iyon? Kilala naman ni Elliot ang sarili. Gagawin niya ang lahat para hindi ma-disappoint sa kanya si Uncle Si at ang buong team. Ganoon siya ka-loyal sa mga ito.

At hindi rin niya proproblemahin si Roxanne. Hindi ganoon ang babae. Wala itong masamang intensyon. Sa puso ni Elliot, sigurado siya.